# Maghanda para sa mga bushfire

Ang mga bushfire ay nangyayari taun-taon sa Queensland. Ang mga ito ay mapanganib sa tao, gusali, at kapaligiran. Kailangan mo nang maghanda ngayon.


## Gumawa ng plano para sa bushfire

- Pag-isipan kung sino sa bahay ang dapat umalis kung malapit na ang bushfire.
- Magkaroon ng isang ligtas na lugar na mapupuntahan ninyo. Alamin kung paano makakarating doon.
- Magkaroon ng emergency contact na masasabihan kung ligtas ka na.
- Magplano para sa inyong mga alagang hayop.

## Alamin kung kailan dapat umalise

### Sundin ang Fire Danger Ratings.

Sinasabi sa iyo ng Fire Danger Ratings kung gaano kadelikado ang sunog kung magsisimula ito.




**Katamtaman** - Magplano at maghanda
**Mataas** - Maging handang kumilos
**Sukdulan** - Kumilos at umalis na ngayon
**Sakuna** - Umalis sa mga lugar na nanganganib sa bushfire

Alamin ang higit pa sa fire.qld.gov.au/fdr

### Alamin ang mga senyales ng babala.

Kung minsan makakakita o makakarinig ka ng babala tungkol sa bushfire. Nangangahulugan ito na nagsimula na ang sunog.

**Payo**

May apoy sa malapit.
Kailangan mong makakuha ng karagdagang impormasyon.


**Magmatyag at kumilos**

Malapit na ang apoy.
Simulan ang iyong plano sa bushfire.

**Babala sa emergency**

May apoy dito. Kumilos ka na.
Nanganganib ka.

## Alamin kung saan mahahanap ang mga impormasyon at babala



Makinig sa iyong radyo:

- hanapin ang inyong lokal na istasyon ng ABC. **abc.net.au/newsradio**
- hanapin ang inyong lokal na komersyal na istasyon. **commercialradio.com.au**

Sundan ang QFD sa social media:

- Facebook **@QldFireDepartment**
- Twitter **@QldFireDepartment**



Tingnan ang kasalukuyang mapa ng mga bushfire:

- **fire.qld.gov.au/Current-Incidents**

## Mag-empake ng evacuation kit

- ☐ Mga damit para sa bawat tao
- ☐ Tubig na maiinom
- ☐ Gamot at mga reseta
- ☐ Radyo
- ☐ Flashlight
- ☐ Mga ekstrang baterya
- ☐ Mobile phone at charger
- ☐ Mga kumot na lana
- ☐ Mga kailangan ng alagang hayop



- ☐ Mahahalagang papeles:
  - mga pang-emerhensyang numero ng telepono
  - photo ID / pasaporte
  - mga papeles sa seguro
  - huling habilin (will)
  - pera
  - mga sertipiko ng kapanganakan at kasal
  - mga larawan

**Ilagay ang iyong evacuation kit sa lugar kung saan madali itong makuha.**

**Alamin ang higit pa sa fire.qld.gov.au/bushfires**

Para sa tulong sa ibang mga wika tumawag sa **1800 512 451** o pumunta sa www.qld.gov.au/help/languages

© Estado ng Queensland (Queensland Fire and Emergency Services) 2023
Lahat ng materyal maliban sa mga graphics at trademark ay lisensyado sa ilalim ng CC 4.0.